THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 ASSISTANCE TO INDIVIDUALS IN CRISIS SITUATION (AICS) PAYOUT

VOLUME 2 No. 39 Aug. 07, 2023 - Aug. 13, 2023

# SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY BATINO AT GULOD, IPINAGKALOOG NG MAYOR NG CALAPAN AT NG PAMAHALAANG LUNGSOD

SERBISYONG TAMA para sa Barangay Caravan, ipinagkaloob ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at ng City Government of Calapan, para sa mga mamamayan ng Barangay Batino at Gulod, katuwang ang ilan sa mga National Government Agency, ginanap noong ika-7 ng Agosto.

Kasama ng butihing Ina ng Lungsod sa aktibidad na ito sina City Councilor, Atty. Jel Magcusi, at Acting COP PLTCOL Danilo U. Driz, Jr., gayundin ang mga Department Head at Program Manager ng City Government of Calapan, kung saan narito rin ang Punong Barangay ng Batino at Gulod na sina Mr. Jameson E. Coz, at Mr. Menandro M. Peseg.

Batid ni Mayor Morillo na higit na makatutulong ang programang ito, para sa taumbayan kaya naman patuloy na ibinababa ng Lungsod ang mga serbisyo, para sa kaalwanan ng mga mamamayan.

Ayon kay Serbisyong TAMA Administrator, Mr. Peter Joseph V. Dytioco, ang naging aktibidad na ito ngayong Agosto ang magmamarka ng isang taon na paglulunsad ng Barangay Caravan sa bisa ng Serbisyong TAMA Program sa ilalim ng Administrasyong Morillo.

Gayundin, buong galak na ipinahayag ni Konsehala Magcusi ang kanyang naramdamang kasiyahan, sapagkat nakadaupang palad niya ang mga mamamayan, at dito ay hinikayat din niya ang mga ito na patuloy nilang suportahan at tulungan ang butihing Mayora, dahil para sa kanya, ang tagumpay ni Mayor Morillo ay ang ikauunlad ng Lungsod ng Calapan.

Bilang bahagi ng gawain, nagkaroon din ng *"Sectoral Consultation"* na isinagawa sa pangunguna ng Punong Lungsod, kasama ang mga Hepe ng bawat departamento at mga kapulisan, at dito ay binigyan ng pagkakataon ang sectoral representatives at ang mga opisyal ng Sangguniang Barangay ng Batino at Gulod na mabigyang daan ang sama-samang pagpupulong (Cedric Errol A. De Guzman/ CIO).







THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS
PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM







TINGNAN: Pagbati ang ipinaaabot ng Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro sa bumubuo ng Team Philippines na lumahok sa 26th Annual World Championships of Performing Arts (WCOPA), kung saan nakabilang sina Joshua Torino ng Barangay Malamig, Calapan City at Aljon Gutierrez ng Victoria, Oriental Mindoro na kapwa nakabilang sa Solo Vocal Category.

Sa naturang WCOPA, ang tinaguriang Talent Olympics sa buong mundo para sa mga aspiring performers at entertainers, nakapag-uwi ang Team Philippines ng 363 medals and awards kung saan nakabilang dito ang 5 Grand Champion Trophies, 86 gold, 91 silver, at 59 bronze medals, gayundin ng 53 district winner plaques,10 finalist medals, 56 semi- finalist medals. Maliban dito, may 7 nakakuha mula sa Team Philippines ng premyong New York Dramatic Conservatory Dramatic Arts Scholarship Awards.

Buong pasasalamat naman ang ipinaabot nina Torino at Gutierrez sa lahat ng nagtulung-tulong na naging daan upang mapasama sila sa prestihiyosong pandaigdig na patimpalak. Salute to Team Philippines! (PIO Calapan).






For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# ASSISTANCE TO INDIVIDUALS IN CRISIS SITUATION (AICS) PAYOUT

SA PAGTUTULUNGAN ng Department of Social Welfare and Development at ng Sangguniang Panlungsod ng Calapan sa pamamagitan ng mga staff ni City Councilor, Atty. Jel Magsuci, matagumpay na naisagawa ang AICS Payout na mula sa ibinigay na pondo ni Senator Bong Go, para sa mga mamamayan ng Calapan na ginanap sa Kalap Court, City Hall, noong ika-9 ng Agosto.

Dumalo sa aktibidad na ito si City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si City Councilor, Atty. Jel Magsuci, kung saan inaasahan nilang makatatanggap ng P2,000 ang nasa kabuuang 168 na benepisyaryo na mula sa Barangay Batino, Bayanan II, Bucayao, Bulusan, Calero, Camansihan, Canubing II, Guinobatan, Lalud, Lazareto, Libis, Lumangbayan, Malamig, Managpi, Pachoca, at Sta. Isabel.

Naniniwala si Mayor Morillo na malaking tulong ito, para sa mga mamamayan ng Lungsod, bilang suportang ayuda para sa kanilang kabuhayan at pamilya, kung saan kasama si Konsehala Jel, patuloy silang humihingi ng pondo mula sa nasyunal para maibaba sa kanilang mga nasasakupan.

Gayundin, nagpaabot ng mensahe ang masigasig na Konsehala ng Calapan na si Atty. Magsuci sa mga mamamayan, kung saan nais niyang magtulungan ang lahat at suportahan ang Ina ng Lungsod sa kanyang mga programa at proyekto, kalakip ang taos pusong pasasalamat kay Senator Bong Go na siyang nagbigay ng pondo para rito (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



# HIGH VALUE CROPS DISTRIBUTION

DINALUHAN nina City Mayor Marilou Flores-Morillo at City Councilor Atty. Jel Magsuci, ang isinagawang *"High Value Crops Distribution"* para sa ilan sa mga Elementary School at Calapeñong magsasaka na seed grower, ginanap sa Calapan City Agricultural Demonstration Center, Barangay Biga, noong ika-9 ng Agosto.

Naisakatuparan ang aktibidad na ito sa pangunguna ng City Government of Calapan, sa pamamagitan ng City Agricultural Services Department na pinamamahalaan ni City Agriculturist, Ms. Lorelein V. Sevilla, kasama si Supervising Administrative Officer, Mr. Rene Datingginoo (High Value Crops Development Project, Program Coordinator).

Ipinamahagi sa mga Elementary School sa Biga, Bucayao, Camansihan, Managpi, at Sta. Rita ang mga garden tool, vegetable seed, at ready-to-plant vegetable seedling sa ilalim ng proyektong *"Gulayan sa Paaralan"*.

Naibigay naman ang mga binhi ng Ampalaya, Sitao, at Pechay, para sa Brgy. Camansihan; Finger Pepper para sa Brgy. Personas, at Tomato, Eggplant, Okra, Squash, Mustasa Cucumber, para naman sa Brgy. Gutad, para sa proyektong Commercial Vegetable Production.

Nagpapasalamat si Mayor Morillo sa pamunuuan ng City Agricultural Services Department na kanyang katuwang sa pagsasagawa ng mga makabuluhang proyekto at programa para sa ikabubuti ng mga mamamayan ng Lungsod ng Calapan.

Para kay konsehala Magsuci, malaking tulong ito para sa mga Calapeño, kung kaya't hinihikayat niya ang mga ito na palaging makipagtulungan para sa mga proyekto at programa ng Pamahalaang Lungsod, sapagkat ang tagumpay ni Mayor Morillo ay ang tagumpay ng Lungsod ng Calapan at ng mga mamamayan nito (Cedric Errol A. De Guzman/ CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 39 Aug. 07, 2023 - Aug. 13, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *ARTS AND CRAFTS WORKSHOP AND BASIC READING ENHANCEMENT PROGRAM*

BUTTON-PIN Making, Polymer Clay Art, Heat Shrinking Art, Fabric Heat Press at Basic Reading Enhancement, ang lahat ng iyan ay libreng ipinagkakaloob ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan para sa mga batang residente ng Barangay Mahal na Pangalan, Calapan City sa ilalim ng Arts and Crafts Workshop and Basic Reading Enhancement Program na may temang *'CREATIVITY UNBOUND'* Unleashing Creativity Through Art and Reading na pinapangasiwaan ng City Public Library of Calapan.

Ang programa ay gagawin sa loob ng tatlong araw na nahahati sa dalawang bahagi na kung saan ay tuturuan sila na bumasa sa umaga at sa hapon ay mga pagsasanay naman sa paggawa ng sining at produkto.

Ang kick-off ceremony ng programa ay isinagawa sa Mahal na Pangalan Covered Court, Agosto 7, 2023 sa pangunguna ni City Librarian Ms. Clare Benter sa pakikipagtuwang ng Sangguniang Barangay ng Mahal na Pangalan sa pamumuno ni Barangay Chairwoman Edna Santiago kasama si Kagawad Francis Abes Barangay Reading Center Focal Person.

Sa kabuuan ay may 70 mga bata ang naging benipisyaryo ng programa na bukod sa natutong bumasa at gumawa ng mga kapakipakinabang na bagay ay nakatanggap din ng mga finished product na sila rin mismo ang gumawa.

Ikinatuwa ng mga bata at kanilang mga magulang ang pagdalo ni City Mayor Tita Malou sa gawain. Dito ay kanyang pinasalamatan ang mga minamahal na kababayan sa patuloy na pagsuporta sa mga programa ng kanyang administrasyon. Layunin aniya ng programang ito na makapagbigay ng kaalaman, kasanayan at pagpapaunlad sa pagbasa sa mga batang may edad 7-12 taong gulang sa kanilang school break.

Kanya ring kinilala ang kasipagan ng mga kawani ng City Public Library Office para sa kagalingan ng mga bata sa bawat komunidad. Taong 2019 nang simulan ng City Government ang pagpapatupad ng kampanya sa ilalim ng RA 7743 *'An Act Providing for the Establishment of Congressional, City and Municipality Libraries and Banrangay Reading Centers Throughout the Philippines'.*

Subalit simula pa noong 2013 ay nagsasagawa na ng Art Workshop and Basic Reading Enhancement Program sa mga barangay. Sa ngayon ay may 57 Established Reading Centers na sa lungsod na kinakalinga at pinagseserbisyuhan ng City Public Library of Calapan (Junard Acapulco/CIO).



